# Malaki at Maliit

## NOTES

## WARM-UP

- Balikan ang pinakamalaking desisyon na ginawa mo kamakailan lamang. Paano mo ginawa ang desisyong ito?
- Sa palagay mo ba ay mahusay kang sumunod sa direksyon? Bakit oo o bakit hindi? Balikan ang isang pagkakataon na nagpapakita nito.
- Paano mo ipinapakita sa isang magulang, guro, o pinuno sa trabaho ang iyong respeto sa kanya? Ano ang iyong ginagawa?

**WORD**

*[22]Pero sumagot si Samuel, "Mas nalulugod ba ang Panginoon sa mga handog ninyo kaysa sa pagsunod sa kanya? Ang pagsunod sa Panginoon ay mas mabuti kaysa sa mga handog. Ang pakikinig sa kanya ay mas mabuti kaysa sa paghahandog ng mga taba ng tupa. [23]Ang pagsuway sa Panginoon ay kasinsama ng pangkukulam at ang katigasan ng ulo ay kasinsama ng pagsamba sa mga diyos-diyosan. Dahil sa pagsuway mo sa salita ng Panginoon, inayawan ka niya bilang hari."* **1 SAMUEL 15:22-23**

(Basahin din ang **1 SAMUEL 15.**)

---

Si Saul ay pinili ng Diyos at hinirang na hari ng Israel. Subalit, hindi naging ganap ang pagsunod ni Saul sa Diyos at tinanggal siya sa pagiging hari dahil dito. Gaya ni Saul, maaari nating sundin ang ating mga sarili o sundin ang Diyos. Subalit kung tayo ay tagasunod ni Jesu-Cristo, gagawin natin kung ano ang Kanyang sinasabi at kung ano ang Kanyang kagustuhan. Ang pagsunod sa Kanyang mga utos, ito man ay tila maliit na bagay sa atin, ay malaking bagay sa Diyos. Ang ating buhay, na siyang pinakamahalaga para sa atin, ay maliit at walang halaga kung ihahambing sa kadakilaan at kaluwalhatian ng Diyos. Sa araling ito, ating titignan ang tatlong aral mula sa buhay at pamumuno ni Saul.

## 1 Kayang gamitin ng Diyos ang sinuman upang mamuno.

*Sinabi ni Samuel, "Kahit na maliit ang tingin mo sa iyong sarili noong una, pinilit ka pa rin ng Panginoon na maging hari ng lahat ng angkan ng Israel."* **1 SAMUEL 15:17**

Sinabi sa Bibliya na maliit ang tingin ni Saul sa kanyang sarili. Dahil dito, hindi niya inasahan na mahirang bilang hari ng Israel. Subalit si Saul ay pinili ng Diyos sa kabila ng kanyang pananaw sa kanyang sarili. Kayang gamitin ng Diyos ang sinuman upang mamuno – tayo man ay mayroon o walang kagustuhan, karanasan, o kakayahan na gawin ito. Sa kapangyarihan at kakayahan ng Diyos, magagawa natin ang mga bagay na hindi natin kakayaning gawin sa pamamagitan lamang ng ating sarili. Paano ka naging isang pinuno?

..........

..........

..........

..........

## 2 Ang pagsunod sa Diyos ay hindi pinagpipilian.

*[18]"Inutusan ka niyang ubusin ang lahat ng makasalanang Amalekita at labanan sila hanggang sa maubos silang lahat. [19]Pero bakit hindi ka sumunod sa Panginoon? Bakit dali-dali ninyong kinuha ang mga ari-arian nila? Bakit mo ginawa ang masamang bagay na ito sa Panginoon?"*
**1 SAMUEL 15:18,19**

Inutusan ng Diyos si Saul sa pamamagitan ni Samuel, subalit hindi ito sinunod ni Saul. Ito ay hindi pagsuway lamang ng kaunti. Ito ay ganap na pagsuway. Ang katotohanan ay pinahahalagahan ng Diyos ang ating pagsunod sa Kanya kaysa sa ating pagsasakripisyo. Ito ang dahilan kung bakit nalungkot ang Diyos sa ikinilos ni Saul at tinganggal sa kaniya ang kaharian. Ayon sa Santiago 4:6, ano ang ginagawa ng Diyos sa mga nagmamataas? Ano ang Kanyang ginagawa sa mga mapagpakumbaba?

## 3 Ang karangalan ng Diyos ang pinakamahalaga.

*Sumagot si Saul, "Nagkasala ako! Kaya ngayon nakikiusap ako, parangalan mo ako sa harap ng mga tagapamahala ng aking bayan at buong Israel sa pamamagitan ng pagsama sa akin sa pagsamba sa Panginoon na iyong Diyos."* **1 SAMUEL 15:30**

Matapos suwayin ni Saul ang Diyos, kahit pa siya ay nagsisisi, kailangan niyang harapin ang bunga ng kaniyang kasalanan. Gayunpaman, siya ay nagmaka-awa kay Samuel na maparangalan sa harap ng mga tao. Sa anumang ating gagawin, ang karangalan ng Diyos dapat ang mas mahalaga kaysa sa ating karangalan. Ano ang mga bunga ng kasalanan ni Saul (1 Samuel 15:10,11,26,35)?

## APPLICATION

- Ano ang pananaw mo sa iyong sarili? Ano ang maaari mong gawin upang makita ang iyong sarili kung paano ka nakikita ng Diyos? Ibahagi ang isang bagay na gagawin mo sa ibang pamamaraan ngayong linggo.
- Sa anong bahagi ng iyong buhay mo kailangang sumunod sa Diyos? Handa ka bang ganap na sumunod sa Kanya simulang ngayong linggo?
- Paano mo mapararangalan ang Diyos sa panahong ito ng iyong buhay? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang maparangalan Siya?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang Salita. Ipanalangin na lagi mong pag-iisipan ng mabuti at susundin ang Kanyang salita sa bawat araw ng iyong buhay.
- Ihayag ang iyong pagsunod sa Diyos, kahit pa mahirap ang kinakaharap mong mga sitwasyon. Ipanalangin na maitatag sa iyo ang makadiyos na pag-uugali sa pamamagitan ng pagharap sa mga pagsubok sa buhay.
- Hingin sa Diyos na palakasin ka upang maparangalan mo Siya araw-araw, sa lahat ng iyong mga relasyon, at sa lahat ng bahagi ng iyong buhay.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph